

**Umiiral at Binabalak na mga Hakbangin
sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay para sa mga Etnikong
Minoridad**

Kagawaran ng Mga Serbisyong Pagwawasto

Ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Pagwawasto (CSD) ay nakatuon sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi. Lahat ng mga tao na nakabilanggo ay makatanggap ng parehong pagtatrato na hindi isinaalang-alang ang kanilang nasyonalidad o pagka-etniko. Ang mga hakbangin na ibinigay ng CSD upang suportahan ang mga tao sa etnikong minoridad na nasa pagkabilanggo ay itinakda sa ibaba.

A. Mga hakbangin upang suportahan ang mga tao na nakabilanggo

- Mga Umiiral na Hakbangin
- Ang kopya ng Mga Librito ng Impormasyon ng Bilanggo, nakalimbag sa 27 mga wika ay iniisyu sa mga taong nakabilanggo (PICs) sa sandaling tanggapin upang tulungan sila na maiintindihan nila ang kanilang mga karapatan at ang kalahatang mga kundisyon at kinakailangan sa mga institusyong pagwawasto.
 - Ang CSD ay magbibigay ng mga serbisyong interpretasyon para sa pinagmulan ng PICs na etnikong minorya kung kinakailangan. Kapag nakakaramdam sila ng lungkot sa mga paggamot sa mga institusyon ng pagwawasto o kung may anumang mga reklamo tungkol sa kanilang mga karapatan, ang mga serbisyo ng interpretasyon ay aayusin sa kahilingan upang matiyak ang kanilang pantay na karapatang gumawa ng mga katanungan o maghain ng mga reklamo.
 - Ang CSD ay magpapagamit ng mga aparatong mobile tablet na may baseng-pangteksto na punsyong pagsalin upang mapadali kaagad ang komunikasyon sa gitna ng mga kawaning pambungad at mga PICs ng ibang mga nasyonalidad.
 - Ang CSD ay gumawa ng “Maramihang-wika na Pariralang-aklat Para sa Mga Emerhensya” na inilimbag ng Kawanihan ng Mga Pangyayari sa Tahanan na makukuha sa lahat ng silid-sentrong mga ospital sa mga institusyong pagwawasto upang gagamitin ng mga PICs kung kailangan.

- Ang CSD ay magbibigay ng mga aklat sa mga wikang iba ng wikang Tsino at Ingles sa aklatan ng mga institusyong pagwawasto para sa mga PICs.
- Ang CSD ay nag-aalok ng mga klase na pag-aaral ng wikang Kantones gayundin ang mga gamit ng sariling-pagtuto ng Kantones sa etnikong minoridad na mga PICs upang mapabuti ang kanilang mga kakayahan sa pagsasalita at makaintindi ng Kantones at tutulungan sila na makaangkop sa buhay sa loob ng institusyon.
- Ang CSD ay gumagalang sa relihiyosong kalayaan ng PIC sa iba't-ibang mga etniko. Iba't-ibang mga serbisyo kasali ang pagbibisita, edukasyon, pagpapayo at relihiyosong pagsasamba ay ibibigay ng mga tsaplin sa iba't-ibang mga organisasyon. Ang Kagawaran ay kumukonsulta sa natatanging mga Konsulado sa relihiyosong pagsasanay ng etnikong minoridad ng mga PICs kung kailangan.
- Ang CSD ay makikipag-ugnayan sa mga organisasyong di-pampamahalaan upang magbigay ng iba't-ibang pag-aaral na libangan upang tulungan ang rehabilitasyon ng mga PICs sa etnikong minoridad.
- Ang CSD ay magbibigay ng DVD na may mga pagsasalaysay sa 10 iba't-ibang mga wika na isasahimpapawid sa baguhang natanggap na mga PICs sa panahon ng Programa ng Pagtatalaga ng Tungkulin upang tulungan sila na maiintindihan ang buhay sa loob ng institusyon.
- Ang CSD ay gumagamit ng retiradong mga opisyal bilang Mga Opisyal na Tagapag-ugnay ng Institusyon sa ilalim ng Serbisyong Kontrata ng Pagreretiro upang pangasiwaan ang mga katanungan at mga reklamo ng mga taong nasa pangangalaga ng ibang nasyonalidad. Upang mapanatili ang kaayusan at disiplina sa institusyon ng penal sa pamamagitan ng pagtanggap hidwaan at mga hindi pagkakaunawaan dahil sa pagkabilanggo, ang Mga Opisyal na Tagapag-ugnay ng Institusyon ay magkakaroon ng harapang pagpupulong sa mga taong nasa pangangalaga ng ibang nasyonalidad upang magsalita at tumulong na mahawakan ang kanilang mga katanungan at reklamo.

Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain

- Ang CSD ay palaging magtatasa at magsusuri sa palisiya / mga hakbangin at ang pagpapatupad para sa etnikong minoridad na mga PICss para sa higit pang pagpapahusay.

B. Pagsasanay ng mga kawani

Mga Umiiral na Hakbangin

- Ang CSD ay naghanda ng “Mga tagubilin sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi” at “Salaysay ng Palisiya sa pagkakapantay-pantay ng lahi” alinsunod sa Ordinansa sa Diskriminasyon ng Lahi para sa mga kawani na susundin.
- Ang CSD ay magkakarga ng may kaugnayan na mga impormasyon sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa Sistema ng Pamamahala ng Karunungan (isang plataporma na pamamahagi ng karunungan sa pangkagawaran na intranet) palagihang para sa reperensya ng mga kawani.
- Ang CSD ay magbibigay ng mga kawani na may pagsasanay sa mga wika ng etnikong minoridad kasali ang Nepali, Urdu, Vietnamese, Indonesyano, Punjabi at Espanyol nang paminsan-minsan.
- Ang CSD ay may pagsasanay na inkorporada sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa bagong kaanib at loob-bahay na programang pagsasanay para sa mga kawani. Ang mga Konsulado sa iba’t-ibang mga bansa ay inaanyayahan na magsasagawa ng pagsasanay ng kamalayang pangkultura para sa mga kawani nang paminsan-minsan.

Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain

- Ang CSD ay palagihang magtatasa at magsusuri sa kanyang mga palisiya ng pagsasanay upang ayusin ang angkop na mga kurso ng pagsasanay para sa mga kawani upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

Katanungan ng publiko/mga reklamo

Para sa katanungan ng publiko at mga reklamo, mangyari makipag-ugnayan sa Opisyal na Hepe (Mga Serbisyong Pamamahala) sa 2582 6025 at Opisyal na Hepe (Yunit ng Pagsisiyasat ng Mga Reklamo) sa 2151 4499 ayon sa

pagkabanggit.

**Kagawaran ng Mga Serbisyong Pagwawasto
Hulyo 2019**